# Magpatala. Kumuha ng Pangangalaga. Magpanibago.

**Mayroong Libre o Abot Kayang Saklaw sa Kalusugan para sa LAHAT ng mga Pamilyang May Mababang Kita sa California**
(mga opsyon sa pahina 2)

**CALIFORNIA** Ang impormasyon para sa ibang mga estado ay iba.



## Magpanibago ng Iyong Saklaw sa 2023-24!

### MAHALAGA para sa 2023 at 2024:

**ANG PATULOY NA MGA PROTEKSYON SA SAKLAW SA MEDI-CAL AY MATATAPOS SIMULA ABRIL 2023.** Ikaw ba o isang miyembro ng pamilya ay mayroong saklaw sa Medi-Cal? Kung oo, maaaring kailangan mong gumawa ng mga hakbang upang panatilihin ito. Kakailanganin mong ipanibago ang iyong Medi-Cal sa anumang punto sa pagitan ng Abril 2023 at Mayo 2024. Ang mga taunang pagpanibago ay kadalasan nakatakda sa parehong buwan na una kang nagpatala sa Medi–Cal.

### Ano ang Gagawin upang Manatiling May Saklaw:

- **Isapanahon ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan.** Sabihin sa tanggapan ng Medi-Cal sa iyong county ang anumang mga pagbabago sa iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan (address sa koreo, numero ng telepono, email) para maaari silang makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa impormasyon kung paano ipanibago ang iyong saklaw.
- **Tingnan ang iyong koreo.** Kapag panahon na upang magpanibago ng saklaw, magpapadala ang Medi-Cal sa iyo ng sulat upang ipaalam sa iyo kung kailangan mong kumpletuhin ang form sa pagpapanibago o kung ang iyong pagpapanibago ay maaaring awtomatikong makumpleto.
- **Kumpletuhin ang iyong form sa pagpapanibago.** Kung nakatanggap ka ng form sa pagpanibago, ang iyong saklaw ay hindi ipapanibago maliban kung kinumpleto mo ito. Ang mga form sa pagpapanibago ay ipapadala sa isang **DILAW NA SOBRE.** Punan ang form at sagutin kaagad ang anumang mga karagdagang tanong ng county sa pamamagitan ng telepono, online, koreo o sa personal upang maiwasan ang puwang sa iyong saklaw.

### Paano Ipanibago ang Iyong Saklaw sa Medi-Cal at Mag-ulat ng mga Pagbabago:

- **Gumawa ng account online.**
  Bumisita sa: ***https://benefitscal.com/*** OR
- **Makipag-ugnayan sa tanggapan ng Medi-Cal sa iyong county.**
  Upang hanapin ang tanggapan ng Medi-Cal sa iyong county, bumisita sa ***dhcs.ca.gov/COL*** o tumawag sa ***(800) 541-5555.***

### Paano kung Hindi Ka na Kwalipikado para sa Saklaw sa Medi-Cal?

Kung ang kita ng iyong pamilya ay tumaas lampas sa mga antas ng pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal (tingnan ang tsart ng kita sa ikalawang pahina), maaaring kwalipikado ka para sa mga premium na may diskwento sa pamamagitan ng Covered California. Kung gayon, kapag matapos ang iyong saklaw sa Medi-Cal, papadalhan ka ng Covered California ng impormasyon tungkol sa iyong awtomatikong pagtatala at kung kailangan mong i-activate ito. Ang iyong saklaw sa Covered California ay magsisimula kapag:

- Babayaran mo ang iyong premium, O
- Kung wala kang premium, kapag tinanggap mo ang saklaw online o sa telepono.

Madalas kapag tumataas ang kita ng pamilya, maaari pa ring kwalipikado ang iyong (mga) anak sa Medi-Cal kahit pa hindi na kwalipikado ang mga nasa gulang na miyembro ng pamilya. Patuloy na punan at isumite ang impormasyon sa pagpapanibago upang mapanatiling libre ang saklaw sa Medi-Cal ng iyong (mga) anak kahit pa ikaw ay nakatala sa Covered California.

## Magpatala.

**Mga paraan upang mag-enroll sa Medi-Cal at Covered California:**

- ***1(800) 300-1506***
- ***www.coveredca.com***
- **Sa personal: *dhcs.ca.gov/COL***
- **Mag-apply sa pamamagitan ng koreo:** Napi-print na mga aplikasyon sa Medi-Cal dito: ***www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/SingleStreamApps.aspx***
- **Humanap ng Tulong sa Iyong Komunidad:** I-scan ang QR code sa ibaba o pumunta sa: ***allinforhealth.org/HealthCoverageResources*** upang humanap ng tulong malapit sa iyo.

## Kumuha ng Pangangalaga.

- Humanap ng doktor sa pangunahing pangangalaga. Humiling sa iyong plano ng kalusugan ng tulong sa paghahanap ng doktor na malapit sa iyo.
- Magtakda ng taunang checkup para sa iyo at sa iyong (mga) anak. Kailangan ng mga bata ng madalas na mga pagbisita para sa malusog na bata sa loob ng isang taon.
- Inaatasan ang iyong plano sa kalusugan na tulungan ka na gumawa ng mga appointment at kumuha ng mga serbisyo sa pagsasalin ng wika. Dagdag pa rito, inaatasan ang Medi-Cal na tulungan ka na kumuha ng libreng transportasyon tungo sa iyong mga appointment.
- Humanap ng dentista. Bumisita sa ***SmileCalifornia.org*** upang humanap ng dentista sa Medi-Cal at tahanang pang-dental na malapit sa iyo.
- Sa Covered California, saklaw ang dental na pangangalaga para sa mga bata. Kakailanganing bumili ng karagdagang plano sa dental ang mga nasa gulang.

## Magpanibago.

DHCS

**Ang Medi-Cal** ay dapat ipanibago bawat taon maliban sa mga nakalista sa ibaba. Mahalagang tiyakin na ang Medi-Cal ay mayroon ng iyong kasalukuyang address para kapag panahon na upang ipanibago ang iyong saklaw, maaari silang makipag-ugnayan sa iyo. Kung nakatanggap ka ng abiso sa pagpapanibago, tiyaking kumilos! Ang mga batang nasa pangangalagang pagkandili at dating kabataan sa pangangalagang pagkandili ay hindi kinakailangang magpanibago ng kanilang saklaw. Ang mga indibiduwal na postpartum ay hindi rin kailangang magpanibago ng kanilang saklaw sa loob ng 12 buwan na postpartum

COVERED CALIFORNIA

**Ang mga plano sa kalusugan sa Covered California** ay dapat ipanibago bawat taon. Ang impormasyon sa pagpapanibago ay ipapadala sa katapusang ng taon, o maaari kang makipag-ugnayan nang direkta sa Covered California.

**I-scan ang QR code** para sa impormasyon tungkol sa kung kailan at paano magpanibago!

## Kailangan ng Tulong?

I-scan ang QR code na ito para sa LOKAL NA TULONG sa iyong lugar.

O PUMUNTA SA:
**www.allinforhealth.org**

all in — PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN PARA SA LAHAT NG MGA PAMILYA

ISANG PROYEKTO NG The Children's Partnership

© The Children's Partnership 2023

# Mga Opsyon sa Saklaw sa Kalusugan

## Medi-Cal:

- Ang mga bata at nasa gulang ay kwalipikado para sa ganap na saklaw na mga benepisyo sa Medi-Cal depende sa kanilang kita. Ang mga bata, buntis at post-partum na mga indibiduwal na may mas mataas na mga antas sa pagiging karapat-dapat sa kita kaysa sa ibang mga nasa gulang (tingnan ang tsart sa ibaba).
- Saklaw ng Medi-Cal ang LAHAT NG MGA GASTOS para sa mga serbisyo sa pagsusuri, imunisasyon, checkup, espesyalista, kalusugan ng isip, paningin, dental, at lahat ng iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga.
- Ang pagpapatala sa Medi-Cal ay magagamit sa buong taon.
- Karamihan sa mga nagpapatala sa Medi-Cal ay dapat magpatala sa isang plano sa kalusugan sa Medi-Cal na pangangasiwaan ang kanilang saklaw sa pangangalagang pangkalusugan. Ang bawat plano sa kalusugan ay iba at mayroong kanilang sariling listahan ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Alamin ang higit pa tungkol sa mga plano sa kalusugan sa: ***https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov***
- Ang mga plano sa Medi-Cal ay nag-aalok ng mga serbisyo gamit ang telehealth. Tanungin ang iyong tagapagbigay tungkol sa pag-access ng pangangalaga sa pamamagitan ng video o telepono.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyong saklaw sa ilalim ng Medi-Cal para sa mga Bata & Kabataan, pumunta sa ***www.allinforhealth.org*** o pumunta sa ***webpage ng DHCS***, flier para sa ***mga bata*** at ***kabataan at sulat sa alamin ang iyong mga karapatan***.

## Covered California:

- Ang Covered California ay nag-aalok ng pagpipilian ng mga plano sa kalusugan. Nakatutulong ang mga ito sa pagkumpara at pagpili ng plano sa kalusugan na pinakamainam para sa bawat tao. Upang malaman ang higit pa, bumisita sa: ***CoveredCA.com***
- Maraming mga taga-California ay maaaring kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa pamamagitan ng Premium Tax Credit o mga pagbabawas sa kung ano ang binabayaran ng nagpapatala para sa kanilang pangangalagang pangkalusugan (kilala bilang mga pagbabawas sa pagbabahagi ng gastos).
- Magpatala sa Bukas na Pagpapatala o anumang oras na nakararanas ka ng ***pangyayaring nagbabago sa buhay,*** tulad ng mawalan ng iyong trabaho o panganganak. Mayroon kang 60 na araw mula sa pangyayari upang kumpletuhin ang pagpapatala.

# Mga Pamilyang Imigrante

## Pagpapalawig ng Medi-Cal

- Sa kasalukuyan, ang bawat bata o tao na wala pang 26 na taon na karapat-dapat sa kita, bawat nasa gulang na 50 taon at mas matanda, mga tumatanggap ng DACA, mga buntis at kamakailang buntis ay karapat-dapat sa saklaw sa kalusugan at mga benepisyo sa Medi-Cal **ANUPAMAN ANG KATAYUAN SA IMIGRASYON**.
- Ang mga batang hindi dokumentado at magiging 26 taong gulang sa 2023 ay magpapatuloy sa Medi-Cal hanggang 2024. Sa 2024, ang mga indibiduwal na ito ay papadalhan ng impormasyon kung kailan at paano magpanibago ng kanilang Medi-Cal.
- Sa 2024, tatanggalin ng California ang lahat ng hadlang sa Medi-Cal batay sa katayuan sa imigrasyon. Simula Enero 1, 2024, lahat ng mga residente ng California na may mga kita na kwalipikado ay magiging karapat-dapat sa ganap na mga benepisyo sa Medi-Cal anumapan ang kanilang katayuan sa imigrasyon.

## Covered California

- Ang mga may dokumentasyon sa imigrasyon ay maaaring kwalipikado sa Covered California at pinansyal na tulong nito. Nag-aalok ang ilang mga county ng ibang mga opsyon sa pangangalagang pangkalusugan anupaman ang katayuan sa imigrasyon

## Bagong Panuntunan sa Pampublikong Pananagutan

- Noong Disyembre 2022, binago ng pederal na pamahalaan ang panuntunan sa pampublikong pananagutan at nilinaw na ang paggamit ng Medi-Cal ay hindi sinasama para sa mga layunin ng pampublikong pananagutan (maliban sa kaso ng pangmatagalang pangangalaga sa institusyon, na kilala bilang tahanan ng dalubhasang pangangalaga ng nars).
- Ang pagpapatala ng iyong anak sa Medi-Cal at ang paggamit ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ay hindi aapekto sa iyong katayuan sa imigrasyon.
- Habang maaaring kakabahan ka sa pagsusulit sa pampublikong pananagutan, gamitin ang **Palatuntunan sa Pampublikong Pananagutan** na ito upang mas mabuting maunawaan kung naaangkop ito sa iyo o sa miyembro ng iyong pamilya.




Pumunta sa: ***allinforhealth.org/public-charge***

# Pinansyal na Tulong.

**Ikaw o ang iyong pamilya ay maaaring kwalipikado para sa libreng Medi-Cal o tulong sa premium sa ilalim ng Covered California.***

| TINGNAN ANG MGA TALA SA IBABA PARA SA MGA KITA SA SAKLAW NA ITO | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mga Subsidiya sa Premium ng Covered California ** | | | | | | | | Nagpapatuloy ang credit sa buwis lampas sa 400% | |
| | Amerikanong Indyano / Katutubong Alaskano (AI/AN, American Indian/Alaska Native) Walang Pagbabahagi ng Gastos | | | | | | | | AI/AN Limitadong Pagbabahagi ng Gastos | |
| **% FPL** | **100%** | **138%** | **150%** | **200%** | **213%** | **250%** | **266%** | **300%** | **322%** | **400%** |
| **Laki ng Sambahayan** | **Kung ang kita ng sambahayan sa 2023 ay nasa o mas mababa sa** | | | | | | | | | |
| 1 | $13,590 | $18,755 | $20,385 | $27,180 | $28,947 | $33,975 | $36,150 | $40,770 | $43,760 | $54,360 |
| 2 | $18,310 | $25,268 | $27,465 | $36,620 | $39,001 | $45,775 | $48,705 | $54,930 | $58,959 | $73,240 |
| 3 | $23,030 | $31,782 | $34,545 | $46,060 | $49,054 | $57,575 | $61,260 | $69,090 | $74,157 | $92,120 |
| 4 | $27,750 | $38,295 | $41,625 | $55,500 | $59,108 | $69,375 | $73,815 | $83,250 | $89,355 | $111,000 |
| 5 | $32,470 | $44,809 | $48,705 | $64,940 | $69,162 | $81,175 | $86,371 | $97,410 | $104,554 | $129,880 |
| 6 | $37,190 | $51,323 | $55,785 | $74,380 | $79,215 | $92,975 | $98,926 | $111,570 | $119,752 | $148,760 |
| | Medi-Cal para sa mga Nasa Gulang | | Medi-Cal para sa mga Indibiduwal na Buntis & Postpartum | | | Access sa Medi-Cal para sa mga Indibiduwal na Buntis & Postpartum | | | | |
| | Medi-Cal para sa mga Bata (0–18 Taon) | | | | | | | CCHIP*** | | |

* Para sa impormasyon sa pagkalkula ng kita at laki ng sambahayan, bumisita sa: ***healthcare.gov/income-and-household-information***

** Para sa Covered California, ang mga antas na ito ng pagiging karapat-dapat sa kita sa 2023 ay epektibo sa simula ng paparating na panahon sa bukas na pagpapatala simula Nobyembre 1, 2023.

*** Para sa mga residente ng San Francisco, San Mateo, at Santa Clara County lamang.

Tandaan: Ang mga mamimili na lampas ng 138% FPL ay maaaring kwalipikado sa plano ng kalusugan sa Covered California na may pinansyal na tulong kabilang ang: pederal na premium tax credit, mga plano sa Walang Pagbabahagi ng Gastos at Limitadong Pagbabahagi ng Gastos AI/AN. Pinagkukunan: *www.coveredca.com/pdfs/FPL-chart.pdf*

all in

HEALTH CARE FOR ALL FAMILIES

ISANG PROYEKTO NG The Children's Partnership

AMING MGA KASOSYO:

Department of Education State of California

California School-Based Health Alliance

MetroLA Best Start

Para los Niños for the children

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, PUMUNTA SA: **www.allinforhealth.org**